

**WARM-UP**

- Mahilig ka ba sa kalikasan? Ano ang pinakanagugustuhan mo tungkol dito?
- Ano ang itinuturing mo na *comfort food*? Bakit gustong-gusto mo ang pagkaing ito?
- Kaninong boses o mga salita ang pinakanagbibigay sa iyo ng kaginhawahan? Balikan ang isang pangyayari na nagpapaliwanag nito.

**WORD** *<sup>1</sup>Sinabi ng Diyos, “Palakasin at pagaanin ninyo ang loob ng aking mga mamamayan. <sup>2</sup>Magsalita kayo nang mahinahon sa mga taga-Jerusalem. Sabihin ninyo sa kanila na tapos na ang paghihirap nila, at pinatawad na ang kanilang mga kasalanan. Sapagkat pinarusahan ko sila nang husto sa lahat ng kasalanan nila.” <sup>3</sup>May tagapagbalitang sumisigaw na nangangaral sa mga tao, “Ihanda ninyo ang daan sa ilang para sa PANGINOON. Gawin ninyong matuwid ang daan na dadaanan ng ating Diyos.”* **ISAIAH 40:1-3**

(Basahin din ang **ISAIAH 40:4-11.**)

Bagama't ang mga mamamayan ng Diyos ay may mahabang kasaysayan ng katigasan ng ulo at kawalan ng katapatan, ang Diyos ay may mahabang kasaysayan ng hindi nagbabago at tapat na pagmamahal. Kahit hindi nila ginawa kung ano ang tama, minahal pa rin sila ng Diyos. At sa kabila ng pagpapatapon at paghatol sa kanila, nagbigay pa rin ang Diyos ng ginhawa at pag-asa. Simula sa Isaias 40, ang pinagtuunan ng pansin ng aklat na ito ay bumaling tungo sa pag-asa, pagpapanumbalik, at tagumpay. Sa araling ito, titingnan natin kung paano nakapagbibigay sa atin ng ginhawa ang katangian at mga ginagawa ng Diyos.

## 1 | Nagsalita ang Panginoon.

*“Mahahayag ang makapangyarihang presensya ng PANGINOON, at makikita ito ng lahat. Mangyayari nga ito dahil sinabi mismo ng PANGINOON.” ISAIAH 40:5*

Para sa isang bata o taong nasa panganib, ang mapagmahal na tinig ng isang magulang o matatag na boses ng isang may awtoridad ay nakapagbibigay ng kaginhawahan, kapanatagan, at proteksyon. Bagama't naiuugnay natin sa lakas ang tinig ng Diyos, maaari din Siyang mangusap nang tila pabulong (1 Hari 19:12). Paano man Siya mangusap, ang salita Niya ay maaasahan, tapat, at ganap. Sa pamamagitan ng sinabi ng propetang si Isaias na ang kadakilaan ng Panginoon ay makikita ng lahat, nabigyan ng Diyos ng ginhawa ang Kanyang mamamayan. Ang pahayag na ito ay tumutukoy kay Cristo. Sa pamamagitan Niya, naipakita ang pagkakatawang tao ng biyaya ng Diyos. Nakilala natin si Cristo sa pamamagitan ng salita ng Diyos, ang Bibliya. Paano ka tumutugon kapag nagsasalita ang taong pinagkakatiwalaan mo? Paano ka tumutugon kapag nangungusap ang Diyos, ang iyong Tagapaglikha at Ama sa langit?

---

---

## 2 | Mananatili magpakailanman ang salita ng Panginoon.

*“Ang damo ay nalalanta at ang bulaklak nito ay nalalaglag, pero ang salita ng ating Diyos ay mananatili magpakailanman.” ISAIAH 40:8*

Ang kalikasan at buhay ng tao, sa kabila ng kagandahan nito, ay maglalaho. Tanging ang salita ng Diyos ang mananatili magpakailanman. Ipinapakita sa atin ng Bibliya na ang Diyos ay matapat na tutupad sa lahat ng Kanyang ipinangako. Ang Kanyang salita ay walang hangganan at napapanahon. Totoo ito magpakailanman at totoo rin maging sa ating pang-araw-araw na sitwasyon. Ito ay nagbibigay ng ginhawa at pinagmumulan ng lakas at pag-asa. Magbahagi kung paano mo nakita na ang

salita ng Diyos ay napapanahon sa pamamagitan ng isang sitwasyong pinagdaanan mo kamakailan lamang.

---

---

### 3 | Makapangyarihan at mahinahon ang Panginoon.

*<sup>10</sup>Dumarating ang Panginoong Diyos na makapangyarihan at maghahari siya na may kapangyarihan. Dumarating siyang dala ang gantimpala para sa kanyang mga mamamayan. <sup>11</sup>Aalagaan niya ang kanyang mga mamamayan gaya ng pastol na nag-aalaga ng kanyang mga tupa. Kinakarga niya ang maliliit na tupa at maingat niyang pinapatnubayan ang mga inahing tupa.*

#### **ISAIAS 40:10-11**

Ang bawat isa sa atin ay minamahal ng Diyos at ipinapahayag Niya ang Kanyang pagmamahal bilang tugon sa ating partikular na kabiguan at mga pasanin. Bagama't pinahihintulutan Niya ang ilan sa atin na malayang manahan sa Kanyang presensya tulad ng tupa sa isang pastulan, hinahanap din Niya ang mga nasasaktan at nangangailangan ng katiyakan. Tinitipon Niya tayo sa Kanyang mga bisig at kinakarga sa Kanyang dibdib. Ito ay isang magandang pagsasalarawan ng kapangyarihan ng Diyos na pamunuan ang Kanyang mga mamamayan at ng Kanyang kahinahunan sa pangangalaga sa mga dumaranas ng kabiguan. Paano nakapagbibigay ng kapanatagan ang kalakasan at kabaitan ng Diyos sa Kanyang mamamayan? Sa palagay mo, bakit Niya sinabing, *Palakas in ang pagaanin ninyo ang loob ng aking mga mamamayan* (Isaias 40:1)?

---

---

Sa Bagong Tipan, ang ministeryo ni Juan na tagapagbautismo ay katugunan ng propesiyang ito: *"Ihanda ninyo ang daan sa ilang para sa PANGINOON. Gawin ninyong matuwid ang daan na dadaanan ng ating Diyos"* (Isaias 40:3). Tinutukoy Niya si Jesu-Cristo, ang Panginoon at Tagapagligtas, ang pagkakatawang tao ng kadakilaan ng Diyos, at ang pagpapahayag ng pagmamahal, habag, at biyaya ng Diyos.

## APPLICATION

- Sa anong bahagi ng iyong buhay ka nangangailangan ng pag-asa at kaginhawahan? Aling bahagi ng aralin ngayon ang humikayat sa iyo na magtiwala sa Diyos?
- Naniniwala ka ba na ang salita ng Diyos ay nananatili magpakailanman? Paano ka mas lalalim sa pag-aaral ng Kanyang salita ngayong linggo?
- Isipin ang isang tao o pamilya na kailangang makaranas ng kapangyarihan at kahinahunan ng Diyos ngayong panahong ito. Paano mo magagawang magbigay ng pagpapala at lakas ng loob sa kanila?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa pakikipag-usap Niya sa atin at sa Kanyang pagiging tunay at maaasahan. Ipanalangin na araw-araw kang magtiwala at makakaranas ng kaginhawahan sa Kanya.
- Ibigay mo ngayon sa Diyos ang iyong sitwasyon at mga pangangailangan. Hingin sa Diyos ang Kanyang probisyon at ang katuparan ng Kanyang mga pangako sa iyo at sa pamilya mo.
- Ipanalangin na mahimok mo ang iba na sumunod sa Diyos at maranasan nila ngayong linggo ang kaginhawahang ibinibigay Niya.



**VICTORY**

Honor God. Make Disciples.

© 2021 ng VICTORY®  
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®  
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa  
Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.®  
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

victory.org.ph